

LAUNCHING OF CALAPAN CITY DIVE TOURISM

GO DIVE IN CALAPAN! Handa na ang Lungsod ng Calapan upang mapabilang sa mga kinikilalang Dive Sites sa bansa matapos na pormal na mailunsad ang CALAPAN CITY DIVE TOURISM 'Go Dive in Calapan', Hulyo 22, 2023, MaHalTa Resorts and Convention Center, Barangay Parang Calapan City.

Magugunitang buwan ng Pebrero ng kasalukuyang taon nang naunang maisagawa ang pagsasaliksik sa kailaliman ng katubigang sakop ng lungsod sa pamamagitan ng mga scuba divers at under water photographers mula sa Blue Alliance Philippines, Batangas Divers Association at Puerto Galera.

Resulta nito ay natukoy ang 14 na diving sites sa Calapan na kinabibilangan ng *Pulse Coral Garden, Isla Grande Reef, Nico's Boulders, Coral Garden 1, Coral Garden 2, Richard's Point, Chico's Step, Chico's Wall, Angie's Garden, Sea Fan Alley, Kamasuhan Twin Wall, MPA Dive Site, combi Dive Site, at Lambingan Coral Garden.*

Ayon sa mga scuba divers ang mga natukoy na dive sites

sa Calapan ay nagtataglay ng kagandahan ng mga koraless na maaaring maihanay sa iba pang kilalang dive sites sa Pilipinas at maging sa ibang bansa.

Ang Pilipinas ay kasama sa 'Coral Triangle' (World Center of Marine Biodiversity) na kung saan ang Verde Island Passage na sumasakop sa Occidental Mindoro, Batangas at Oriental Mindoro ang kinikilala bilang Center of the Center of Marine Biodiversity ng mundo.

Ang natatangong kagandahan sa ilalim ng katubigan ng Calapan ay higit na mabubunyag kung ito ay mailalagay sa 'Dive Map' hindi lang ng bansa kundi ng buong mundo.

Sa ilalim ng kasalukuyang administrasyon nina City Mayor Malou Flores-Morillo at City Vice Mayor Bim Ignacio ay higit na napagtuonan ng pansin ang pagpapalago at pagtuklas ng panibagong ecotourism locations sa lungsod sa pamamagitan ng pakikipagtuwang sa mga kabalikat na sektor at pribadong organisasyon tulad ng Blue Alliance, PADI at B.A.D.A.S.S at iba pang grupo ng scuba divers.

Sa paglulunsad ng Calapan City Dive Tourism sa pangunguna ni City Mayor Morillo at magkatuwang na pinangasiwaan ng Calapan City Tourism, Culture and Arts Office sa pamumuno ni Mr. Christian Gaud at ng Fisheries Management Office na pinamumunuan naman ni Mr. Robin Clement Villas ay naging hudyat ito na handa na Calapan upang maging bagong destinasyon sa mga turistang gustong masilayan ang scuba diving sites at marine wildlife nito.

Mula dito ay inaaasahang unti-unting uusbong ang turismo at lalago ang ekonomiya na pakikinabangan ng mga Calapeño. Sa mensahe ni Mayor Malou ay kanyang ipinaabot ang taus-pusong pagpapasalamat sa lahat ng tumutulong upang makamit ng Calapan City ang inaasam na tagumpay sa larangan ng turismo at pagpapalago ng kabuhayan ng mga mamamayan. Aniya pa hindi ito nangangahulugan ng pakikipagkompetisyon sa ibang bayan sa lalawigan

kundi ito'y karagdagang kontribusyon sa pag-unlad ng Oriental Mindoro.


Sa okasyon ay nagbigay din ng kanilang mensahe sina City Councilor Federico Cabailo Jr., SP committee Chair on Tourism at City Councilor Genie Fortu, SP Committee Chair on Fisheries. Gayundin ang ilan pang panauhin na sina Dr. Carl Balita na siyang may-aring MaHalTa Resort and Convention Center, Mr. Melando Agudo ng Marco Vincent Resort kasama ang ilang pang restaurant at resort owners.

Mula naman sa mga kabalikat na organisasyon ay napakinggan ang audio-visual presentations na may kaugnayan sa ecotourism ng Calapan gaya ng Blue Alliance para sa kanilang 'Mindoro Coral Reef Safari' samantalang iprenisinta naman ni Ms. Marivic Maramot at Mr. Penn Delos Santos, kapwa mga underwater photographers/diver instructors mula sa Batangas Scuba Academy ang kanilang nakunang larawan ng mga koraless at la-

man dagat sa 14 na diving spots sa lungsod na ayon sa kanila ay kamangha-mangha at nararapat lamang maipaalam sa buong mundo.

Tinalakay din ni Penn ang importansya ng scuba diving sa buhay ng tao at naidudulot nito sa kalikasan. Kanya ring inilahad ang kanyang kungkutan sa natuklasang pagkasira ng ilang bahagi ng koraless na resulta ng hindi tamang pamamaraan ng pangingsda. Subalit sa tulong aniya ng mga kasamahang divers ay nalinis nila ang mga basura at ang mga lambat na sumabit sa mga koraless.

Dahil kaanlisabay ng gawain ay ipinagdiriwang din ang PADIS Women's Dive Day ay nakiisa ang mga miyembro nito sa pagsisid upang magsagawa ng 'Scubasurero'. Dumalo rin sa okasyon ang ilang kawani mula sa Fisheries Management Office, Blue Alliance sa pangunguna ni General Manager Bonifacio Tobias at Provincial Tourism Office sa pangunguna naman ni Dr. Don Stepherson Calda (Junard Acapulco/ CIO).



THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER
 RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
 ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
 EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com
 WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM



TINGNAN: Malugod na tinanggap ni Provincial Administrator Dr. Hubbert Christopher "PAMD" Dolor ang gavel, medallion at banner mula sa dating pangulo ng Oriental Mindoro Medical Society (OMMS), Dr. Rosalyn H. Sebastian kasuod ng panunumpa niya sa kanyang tungkulin sa harap ni Philippine Medical Association president, Dr. Maria Minerva P. Calimag bilang bagong pangulo ng OMMS sa isinagawang 78th Induction and Turnover Ceremonies, noong Hulyo 28, 2023 sa Balai Mindoro, Calapan City.

"Ang pagiging isang miyembro ng OMMS ay hindi nasusukat sa kung ano ang iyong nalalaman at kung ano ka kundi sa kung ano ang maaari mong ibigay o kung ano ang magagawa mo para sa mga tao. Mahirap, pero kakayanin. Kaya natin ito, dahil atin ito."

Ito ang naging pahayag ni Dr. PAMD Dolor sa mga kapwa niya manggagawang doktor at sa mga miyembro ng OMMS.

Aniya pa, sisikapin niyang maibigay ang mga kinakailangang serbisyo sa mga tao lalo na sa mga nangangailangan.

Samantala, buong suporta naman ang ipinadama ni Gobernador Bonz Dolor kay Dr. PAMD sa pamamagitan ng pagdalo sa naturang seremonya na kung saan naniniwala siyang malaki ang maiaambag nito sa higit pang pag-angat ng serbisyong pangkalusugan sa mga mamamayan ng Oriental Mindoro.

Matatandang ilan lamang sa mga programang nasimulan ni Dr. PAMD ay ang kalulunsad lamang na 'Lifeline Oriental Mindoro' na umaalalay sa mga nangangailangan ng psychological first aid at ang itinlalagang bagong pribadong ambulansya na maghahatid ng mga may sakit o may karamdaman patungong ospital.

Samantala, nagpaabot naman ng lubos na pasasalamat si Dr. Rosalyn Sebastian, ang dating pangulo ng samahan, sa mga taong kanyang nakasama at naging kaagapay sa isang taon niyang panunungkulan.

Tumanggap siya ng mga pagkilala at parangal sa mga napanagumpayan ng OMMS sa ilalim ng kanyang liderato.

Samantala, kaagad namang isinunod ang panunumpa rin sa tungkulin ng iba pang mga bagong opisyal at miyembro ng OMMS.

Sumaksi sa isinagawang seremonya sina Southern Tagalog Association of Medical Practitioners (STAMP) president, Dr. Reynaldo Frederick N. Quicho, Philippine Medical Association (PMA) Governor ng Southern Tagalog, Dr. Danilo B. Vergara, PMA National Treasurer, Dr. Luz Acosta-Barrientos, at PMA past Governors ng Southern Tagalog, Dr. Ma. Rhoda C. Goco at Dr. Myrna D. Gomez-Zapanta. (PIO Calapan)



SINAG PRINTING PRESS

Parian Nat'l Highway, Calamba City, Laguna
 Contact us: Telefax: (049) 834-6261 • Mobile: 09205819079
 Email add: tambull_press@yahoo.com.ph

For you commercial print needs!
 Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

SERBISYONG TAMA PARA SA BARANGAY GUINOBATAN, IPINAGKALOOP NG CITY MAYOR NG CALAPAN AT NG PAMAHALAANG LUNGSOD

"WALANG PATID NA PAGHAHATID NG TAMANG SERBISYO, PATULOY NA TINUTUPAD AT IPINAGKALOOP SA ILALIM NG ADMINISTRASYONG MORILLO-IGNACIO PARA SA MGA CALA-PEÑO."

Bago ang nalalapit na SOCA, aktibong ipinagpatuloy ni City Mayor Mari-lou Flores-Morillo, katuwang ang mga kawani ng Pamahalaang Lungsod ang inilunsad na bukas-palad na programang "Serbisyong TAMA para sa Barangay Caravan" sa Barangay Guinobatan, noong ika-24 ng Hulyo.

Layunin ng aktibidad na ito na maibaba at mailapit sa mga mamamayan ng Brgy. Guinobatan ang mga serbisyong kaloob ng Pamahalaang Lungsod, kasama ang ilan sa mga National Government Agency.

Kasabay nito, bilang bahagi ng "45th National Disability Prevention and Rehabilitation Celebration", binigyang daan din ng Pamahalaang Lungsod ang pagbibigay ng wheelchair sa Barangay Guinobatan, upang ipagkaloob sa nangangailangan, sa pamamagitan ng City Social Welfare and Development,

sa ilalim ng pamamahala ni CSWD Officer, Ms. Juvy L. Bahia, RSW.

Ang makabuluhang gawaing ito ay dinaluhan nina City Councilor, Atty. Jelina Magsuci, City Councilor Atty. Ricka P. Goco, Acting COP PLTCL Danilo U. Driz, Jr. Kasama ang mga Department Head at Pro-

gram Manager ng City Government of Calapan.

Kasabay ng paghahatid ng serbisyo ay nagkaroon din ng "Sectoral Consultation" na isinagawa sa pangunguna ng Punong Lungsod, kasama ang mga Hepe ng bawat departamento at mga kapulisan, kung saan ay binigyan ng

pagkakataon ang sectoral representatives at ang Sangguniang Barangay ng Guinobatan sa ilalim ng pamumuno ng Punong Barangay nito na si Hon. Pedro B. Ilagan Jr., para mapag-usapan ang mga mahahalagang bagay na dapat bigyang pansin (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).



TAMA SPORTS CLINIC MUSIC AND ARTS WORKSHOP GRADUATION DAY (BATCH 1)

NASA halos 1,800 ang kabuuang bilang ng mga kabataang lumahok sa inilunsad na TAMA Sports Clinic, Music, and Arts Workshop ngayong taon. Patunay lamang ito na tinatangkilik ng maraming Calapeño ang programang Lungsod para sa mga kabataan.

Sa pangunguna ni City Mayor Malou Flores-Morillo at sa pangangasiwa ng City Youth and Sports Development Department na pinamumunuan ni CYS-DO Marvin Panahon ay matagumpay na nakapagtapos ang unang batch ng mga nakapasa sa sampung araw na pagsasanay sa iba't ibang larangan, Hulyo 24, 2023 sa Camilmil Gymnasium, Barangay Camilmil Calapan City. Kabilang dito ang mga sumusunod:

SPORTS CATEGORY: Basketball - 51,

Volleyball - 64, Tennis - 18, Table Tennis - 35, Arnis - 32, Wushu - 39, Muay Thai - 21, Taekwondo - 30. MUSIC & ARTS CATEGORY: Guitar - 30, Piano - 29, Voice Lesson - 24, Personality Development - 31.

Bahagi ng programa ay ipinamalas ng mga kalahok ang kanilang mga natutunan sa presentation number. Biniyang pagkilala rin ang mga trainers at coaches

dahil sa hindi matatawaring pagbabahagi ng mga ito ng kanilang panahon at karunungan sa mga kabataang nais matuto.

Gi n a m p a n a n nina City Mayor Malou Flores-Morillo at City Councilor Ronalee Leachon ang paggawad ng Certificate of Completion sa kabuuang 404 graduates.

Matapos ito ay malugod na binati ni May-

or Malou ang mga kabataang matagumpay na nakapagtapos. Aniya naging possible ang programa dahil sa masigasig na pagkilos ng mga kawani ng City Youth and Sport Development Department. Kinalaladina din niya ang ginawang pagsuporta ng Sangguniang Barangay ng Camilmil sa pangunguna ni Barangay Chairman Redemsey Frayre.

Kanya ring pinasalamatan ang mga magulang na nagtiwala na makalahok ang kanilang mga anak sa programang pampalakasan at pagpapaulad ng kabataan.

Ipinangako ng Punonglungsod na ang TAMA Sports Clinic, Music and Arts Workshop ay magpapatuloy taun-taon dahil sa nakitita niyang magandang resulta ng implimentasyon nito (Junard Acapulco/CIO).





ULAT SA TAUMBAYA | STATE OF THE CITY ADDRESS (SOCA) 2023

MATAGUMPAY na naisagawa ni City Mayor Marilou Flores-Morillo ang kanyang “ULAT SA TAUMBAYAN | State of the City Address (SOCA) 2023” para sa kanyang unang taon sa panunungkulan bilang Punong Lungsod ng Calapan, ginanap sa Calapan City Convention Center noong ika-25 ng Hulyo.

Sa bisa ng pagmamahal at tiwalang ipinagkaloob ng mga Calapeño, tunay na naging makabuluhan ang kanyang unang

taon sa panunungkulan bilang kauna-unahang baeng Alkalde na tumayo bilang mapagkalingang Ina ng Lungsod ng Calapan na buong puso, buong tapat, at buong husay na tumulong sa kanyang nasasakupan, katuwang ang lahat ng mga masisigasig na lingkod bayan ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan, at sa pakikibahagi at partisipasyon ng iba’t ibang sektor. Kasabay ng aktibidad na ito ang 53rd Regular Session of the 9th Sangguniang Pang-

lungsod na dinaluhan ng mga kagalang-galang na kasapi ng 9th Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ni Hon. Vice Mayor Rommel ‘Bim’ A. Ignacio na nag-ulat para sa kanilang accomplishment report.

Naging laman ng ulat ni Mayor Morillo sa taumbayan ang kanyang mga programa at proyektong naipatupad at naisakutuparan sa loob ng mahigit isang taon bilang Punong Lungsod ng Calapan.

Ibinahagi niya rito ang mga

nagawa niya para sa Lungsod pagdating sa usaping Pangkabuhayan, Ekoturismo, Kalikasan, Edukasyon, Kalusugan, Suportang Impastraktura, Serbisyong TAMA Program, Programang Pangkabataan at Pampalakasan, Pabahay, Trabaho, Kaperahan ng Pamahalaan, Seguridad ng mamamayan, Kahandaan sa mga Sakuna, Agrikultura, Kapakanan ng Vulnerable Sektor, Green City of Calapan, at Pagpapatatag sa Pamahalaan.

Malugod niyang pinasalamatan ang mga naging katuwang niya sa pagsisilbi para sa mga mamamayan ng Lungsod ng Calapan, at ito ay ang mga Department Heads, Program Managers, mga tagapayo, at lahat ng mga kawani ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan, para sa kanya, walang masamang mangarap, para sa ikayayabong at ikagaganda ng kanyang pinakamamahal na Lungsod (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).

